# Ang Balon ng Los Amigos

**ERROL MERQUITA**
Davao City
erolmerquita@yahoo.com

Walang petsa ang aking kapanganakan, ngunit alam kong nalalapit na ang araw ng aking kamatayan. Makikinig ka kaya sa kuwento ko? O baka magkatulad lang tayo, nagbibitiw ng mga tanong na hindi na umaasa pa ng kasagutan? Kahit sinong mananaliksik, marahil, ay hindi matutukoy kung kailan ako unang nagsalita o nagkamalay. Bahagi ako ng lupa, isang maliit na butas, silip sa malawak na misteryo at lihim na nakapaloob sa kanyang katawan. Marahil, pagkatapos mong basahin ito ay wala ka nang maririnig o makikita pang muli sa akin.

Hindi kalayuan dito sa aking kinalalagyan ay isang malawak na palatubigan sa kagubatan ng Malagos. Dito nagmula ang isang ilog na dumadaloy patungong dagat. Isa ako sa mga inipon ng mga kalapit-bato sa ilalim ng lupa sa loob ng maraming dekada. Nabuo ako na isang balon, maliit na butas sa isang pitak ng malawak na lupa sa kapuluan ng Mindanao at Sulu. Hindi kalayuan sa aking kinalalagyan ay isang malaking punong Acacia. Katulad ko, walang petsa rin ang kanyang kapanganakan. At matapos ang isang malakas na ulan kung kailan umapaw ang kalapit na ilog, napansin ng ugat ng Acacia ang aking kinaroroonan. Dito nagsimula ang aming pagkakaibigan at pagkukuwentuhan sa hindi matapos-tapos naming karanasan sa mga tao. Pinangalanan ko siyang Apo, hango sa isang tanyag na bundok na kinikilala ng bawat nilalang sa kapuluan.

Madalas akong dinadalaw ni Apo. Tuwing malakas ang hangin, umaga, dapit-hapon, lalo na kapag taglagas. Ipinapadala niya ang kanyang mga dahon upang magkuwento

tungkol sa nangyayari sa paligid. Isinasalaysay ng kanyang mga dahon ang kuwento ng mga *ihalas,*[1] *kaguwang,*[2] at *milu.*[3] Ipinaparating nila ang mga babala ng ulap at hangin, ang bagyong paparating at ang namumuong galit sa paanan ng bundok. Anumang hayop, insekto, tao, halaman, pati ang mga hindi ko pa nakikita ay tinitingala ang punong Acacia. Sinakop ng kanyang mga sanga at dahon ang kalawakang tinitingala ko. May kung anong uri ng bato-balaning bumibighani sa mga kaliskis-ahas, bagon, kuwago, paniki, alitaptap, at kuliglig na nananahan sa kanyang kaharian. Hindi lang siya isang malaking puno, isa siyang tagpuan ng mga buhay at hindi buhay na nilalang. Ayon sa kanya, mga Lumad na Bagobo Klata[4] ang unang dumating sa lugar na ito. Tumigil, hindi nagtagal, dumaan, at saka piniling manirahan nang ilang taon, ngunit, kailanma'y hindi sila nanahan. Palipat-lipat sila ng mga lugar na nililisan at binabalikan.

Isang araw napadaan sa aking tabi ang isang *bau*[5] at nagwika siya, "Kung saan may tubig, may tao, at 'di magtatagal, mapupuno ng tao ang lugar na ito."

"Maswerte ako kung gayun," nasambit ko sa *bau,* isang ilog-pagong. Ngumiti lamang siya bago umalis. Mabagal ngunit alam niya ang patutunguhan.

"Sana'y makita kitang muli," ang huli kong narinig sa kanya. Tila ba sinasabi niyang baka hindi na kami magkikitang muli. Sabi ng *bau*, *pantat*[6]*,* at *kasili*[7] na napadpad mula pa sa ibang lugar bunsod na rin ng paghahanap ng matitirahan, biniyayaan ang lugar na ito ng masaganang tubig. At sa tubig kadalasang nagsisimula ang pagkabuo ng mga tao.

May mga dumating na angkan o kaanib ng *Ilaga,*[8] isang pangkat na nakikipaglaban sa angkan ng mga *barakuda*[9] dahil sa pagmamay-ari ng lupa. Ang barakuda na kinilala rin bilang *black shirt* na mula sa angkan ng mga Moro ay mahigpit na kaaway ng mga *Ilaga* na mula naman sa angkan ng mga Ilonggo, kaanib na Ilokano at iba pang Kristyano. Mga armadong grupo ito ng mga tao mula sa iba't ibang angkan, paniniwala, at magkaibang *diyos* na sinasamba. Paalala ni Apo, madaling iugnay na pagkakaiba ng relihiyon ang dahilan ng awayan ng Ilaga at barakuda: ang una'y mga Kristyano habang ang barakuda naman ay mga Moro.

"Ngunit hindi ito tungkol sa relihiyon," nasambit ni Apo.

"Ano ang relihiyon?" tanong ko sa kanya.

"Tungkol ito sa paniniwala na may dakilang diyos na manlilikha. Ang batas ng diyos na ito ay dapat masunod at kailangang ipatupad ng mga tao. Magkaiba ang pakahulugan nila sa diyos, sa kanyang batas at kung papaano ito ipapatupad." Ito ang pagkakaintindi ni Apo tungkol sa relihiyon. Naisip ko tuloy, ayokong magkaroon ng relihiyon, kung magiging katulad lang din naman ako ng Ilaga at barakuda. Ayoko sa relihiyon.

---

1 ligaw na hayup

2 flying lemur

3 alamid

4 Isang grupo na naninirahan sa Katimugang bahagi ng Mindanao at Sulu. Nahahati sa tatlong pangkat ang mga Bagobo: Guiangan (o Klata), Ubo, at Tagabawa.

5 ilog pagong

6 hito

7 igat

8 Ang ilaga ay nangangahulugang daga ngunit maaari ring tumukoy sa Ilonggo Land Grabbers Association, isang paramilitar na grupo na gumagamit ng mga anting-anting upang makipaglaban sa mga Moro. Ayon sa karamihan, isa itong uri ng kulto

9 Ang barakuda, na nangangahulugan ding malaking isda, ay isang paramilitar na grupo na ang mga kasapi ay Moro. Nabuo ang grupo upang makipaglaban sa mga Ilaga.

“Ngunit hindi naman talaga tungkol sa diyos kung bakit sila nagpapatayan,” dagdag ni Apo.

“Ano?” tanong ko sa kanya.

“Dahil sa yaman at kapangyarihang nakakabit sa pagmamay-ari ng lupa. Ang kasaysayan ng lugar na ito ay tungkol sa karapatan sa lupa.” Dagdag pa niya, ang lupa kung nasaan tayo ngayon ay ipinangako ng gobyerno sa mga *dayo* na nanggaling sa lupain ng Luzon at Visayas. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isinakay ang mga tao galing Luzon at Visayas sa isang barko upang manirahan sa Mindanao at Sulu. Huli na nang malaman nilang may Lumad, katulad ng mga Bagobo Klata, at Moro na nauna nang naninirahan sa lupain. Hindi lang isang grupo, maraming grupo at angkan ang mas naunahang nanirahan sa isla.

“Ano ang gobyerno?” Tanong ko kay Apo.

“Ginawa ito ng mga tao upang pamahalaan sila. Ngunit mahirap matukoy kung kaninong interes ang pinamamahalaan at ano ang interes ng mga namamahala,” tugon ni Apo. Mabuti na lang at isa akong balon: walang relihiyon, walang gobyerno. Ngunit sa malaon at sa madali, alam kung hindi ko matatakasan ang mga ito.

Sa pagdami ng mga dayo, miminsan na lang nakikita ni Apo ang mga Bagobo Klata. Kung itinaboy sila, kusang umalis o nagkaroon ng alitan ay hindi niya matiyak. Ang tiyak niya ay unti-unting nagtayo ng bahay ang mga dayo galing sa iba’t ibang lugar. Unti-unting nagkakaroon ng tao ang dating masukal na lugar. Isang nagngangalang Ismael Veloso ang nangahas magbigay ng pangalan sa lupaing ito. *Los Amigos!* Ibig sabihin, magkakaibigan lahat – *amigo*. Nakangiti lahat. Dapat ngumiti ang lahat ng mga naninirahan dito. Bagobo Klata man, dayo, o Moro. Kung sino sa kanila ang higit na mas may karapatan sa lupa (Lumad, Moro, Dayo) ay hindi na mahalaga para kay Ismael. Mas mahalaga ang bagong pangalan sa lugar.

Anong naisip at nakita ni Ismael nang pinangalanan niyang Los Amigos ang lugar? Baka gusto niyang baguhin ang pananaw tungkol sa lugar. Ganoon naman daw iyon, kung nais mong baguhin ang isang katauhan, baguhin mo ang kanyang pangalan. Kung nais mong baguhin ang lugar, baguhin mo ang kanyang kasaysayan. Mag-imbento ka, lumikha ng mga bagay na aayon sa gusto ng karamihan. Iyong masaya, ‘yong magmamarka, ‘yong madaling naalala. Los Amigos. Sabi ni Apo, salita ito ng mananakop, mga dayuhan mula sa ibang bansa, salitang sumakop sa isipan ng konseho ni Ismael ba siyang unang *teniente del barrio.* Ganito rin pinangalanan ang ibang lugar sa lupaing ito – ayon sa kagustuhan ng mga banyaga. Halimbawa, ang mga kalapit na baryo na may pangalang *Riverside, De Agua, Quarry, Mintal, Ula, Angalan*. Pangalang banyaga, hindi Lumad, Moro, o Dayo. Hindi batayan kung sino ang unang dumating o nanirahan upang pangalanan at maalala ang isang lugar. Kung sino ang mas makapangyarihan, sila ang mas maaalala. Ito, marahil, ang kapangyarihan ng relihiyon at gobyerno.

Isa sa unang naalala ko sa mga tao noon ay isang putikang lalaki.

“Sparrow.”[10] Narinig kong may sumigaw mula kung saan. Sinunggaban niya ako, dinaklot papunta sa kanyang mukha at bibig. Humalo ako sa pawis niya, gayundin ang dugo niya sa akin. Anumang estado o ipinaglalaban niya sa buhay, kinakailangan niya ako. Sinundan ito ng mga putok ng bala. Pangkaraniwan lang ang putukan dito. Hindi nagtagal, kinaladkad siya ng mga vigilante

---

10 Sparrow ang ibininyag na katawagan sa isang pangkat ng grupong Alex Boncayao Brigade (ABB), na humiwalay mula sa grupong NPA. Ang mga miyembro ng Sparrow ay nakilala bilang grupo ng mga mamatay-tao na matulin at mabilis na pamamaraan nang pagpatay.

na kinilala bilang Alsa-Masa ng Nicaragdao.[11] Hindi nagtagal, naging karaniwan na lang din ang ganitong pangyayari. Hindi rin sa lahat ng pagkakataon, dehado ang grupo ng mga Sparrow, na mula sa grupong kinilalang NPA.[12] Minsa'y mayroon silang kinakaladkad o kaya'y pinuputol na tainga ng miyembro ng Alsa-Masa o kaya'y sundalo. Ilang tainga na ang hinugasan sa tabi ko bago nila ito iwinawagayway kasabay ng isang pulang bandila. Babala ito sa mga espiya, vigilante, at sundalo. Uso ang putulan ng tainga ng tao, lalo na ng mga dating miyembro ng Ilaga. Naging paboritong daanan ng mga miyembro ng Alsa-Masa, ng sparrow ng ABB-NPA, at ang hukbong sandatahan ng gobyerno ang Los Amigos. Ngunit anumang ipinaglalaban nila, lahat sila ay yumuyuko sa akin, kinakailangan nila ako, at higit dito, lahat sila ay gumagalang kay Apo. Kadalasan, sa tabi ni Apo sila nagpapalipas ng gabi, nakikisilong at nagtutulda. Kung kaya lang sana silang pag-isahin ni Apo, at kung kaya ko lang sanang ipaliwanag ang kahulugan ng Los Amigos, ayon sa pananaw ng konseho ni Ismael, sana'y ginawa na namin ito. Ngunit marahas ang mga pangyayari noon, kailanman ay hindi sa pagkakaibigan nagsimula ang baryo na ito.

Lumipas ang mga taon, nawala ang mga Bagobo Klata, Ilaga, at iilang Moro sa lugar. Dumalang ang presensya ng Alsa-Masa, sparrow, at mga sundalo, nagtayo na ng bahay ang mga taga Bohol, Sugbu, at Panay. Maaring ikinasal ang mga anak ng mga magkalabang pangkat upang maiwasan ang gulo. Ang kasal, sabi ni Apo, ay epektibong ritwal upang pagkaisahin ang mga magkalaban.

"Ano ang ginagawa sa kasal?" tanong ko kay Apo. Pagbibigkis ito ng dalawang pamilya, upang maging isa ang dating magkahiwalay. Nagustuhan ko ang konsepto ng kasal, dahil natitigil ang patayan. Dalawa, magiging isa. Itinayo ang isang malaking estruktura na kung tawagin ng karamihan ay *grandstand*. Ang granstand ang pinakaunang silid paaralan sa lugar. Simbolo ito ng pagkakaisa, ng pagkakaibigan, at pagbibihis ng hitsura ng baryo. Gawa sa semento ang malapad na entablado ng granstand. Mayroon itong limang palapag at gawa sa sulirap o pinagbigkis-bigkis na dahon ng niyog ang kanyang atip. Malaki, bukas, at walang dibisyon. Dito na rin idinadaos ang anumang uri ng palabas, pulong-pulong o *meting de abanse.* Ang granstand ang edipisyo ng Baryo Los Amigos, ang pinakasikat nang magsimulang magbihis ang lugar. Ito rin ang pinakamalaking paaralang itinayo sa distrito. Mapapansin, unti-unti nang naglaho ang alaala ng mga Sparrow at Alsa-Masa. Nagkatotoo ang pananaw ng konseho ni Ismael. Ang granstan rin ang naging simula ng pagbabago ng aking buhay, ang pinakamaningning na bahagi ng aking buhay.

Ako ang balon ng Los Amigos. Tila hindi nauubos ang kaya kong ibigay sa mga tao. Kahit ako'y namamangha sa reserba ng tubig na kaya kong ibigay sa lahat ng mga tao na nagmula pa sa iba't ibang lugar.

"Ang tamis ng tubig," sabi ng isang bata.

"Ang hirap ng buhay kung wala itong balon, " sabi ng isang guro.

"Kung wala dito ang balon, marahil sa ibang lugar itatayo ang granstand," pahayag ng isang konsehal ng baryo.

Naging tagpuan ako ng maraming bagay at pagkakataon. Mga nanay na naghihiraman ng bigas, kurtina, kaldero, at kawali tuwing piyesta, kaarawan, o pasko. At ang pinakapaborito ko sa lahat, kasal. Dito sa akin sila nagtatagpo, nag-uusap, dito sa harap ko ang mga negosasyon. Dito nag-iinuman

---

11 Alsa Masa ang mga vigilante na grupo sa Davao na nabuo upang makipaglaban sa mga komunistang grupo.

12 Ang NPA ang New People's Army na sinasabing rebolusyunaryong grupo na itinatag noong dekada '60 na kumikiling ang ideolohiya sa Marxismo-Leninismo-Maoismo.

ang mga kalalakihan habang pinag-aawayan nila ang tungkol sa gobyerno, relihiyon, at kasal. Bago pa man sumikat ang araw, pinipilahan nila ako, at kahit papalubog na ang araw, marami pa rin ang nakapila sa akin. Sa dami ng dumadalaw dito, hindi ko na kinakailangan ang mga kuwento ni Apo, nalimutan ko na ang mga dahon at ugat niya. Madalang nalang kaming nag-uusap. Mas nais kong pakinggan ang hiyawan ng mga ina, ang tampisaw ng mga bata, at ang kanilang bangayan upang maka-igib sa akin. Para bang ako ang sentro ng buhay nila, ako ang dahilan kung bakit sila gumigising ng maaga, at kung bakit hanggang gabi ay nandiyan pa rin sila't nakaantabay sa akin. Ngunit sa pagdami ng mga Dayo, unti-unting nagbago ang pananaw ng mga tao sa akin. Sa pananaw nila, nandiyan ako upang ibigay ang tubig na kinakailangan nila, anumang araw, anumang oras. Ngunit may limitasyon ang isang balong kagaya ko, hindi ko pala kayang ibigay lahat.

Isa sa pinakagusto ko sa lahat ng mga mang-iigib ay si Nang Hubeng, Bagobo Klata raw ang kanyang ama at Sebuwana ang ina. Umaga pa lang, nandiyan na siya upang maglinis. Pinapagalitan ang mga batang nagsasayang ng tubig. Tiyak kong hindi siya guro, estudyante o kapitan dahil hindi naman siya tinatawag ng mga tao ng ganun. Iba ang tawag sa kanya.

"Sinto-sinto, ulyanin," madalas na sigaw ng mga bata sa kanya.

"Kulang-kulang" sabi ng isang mama.

May kakulangan daw sa pang-uunawa si Nang[13] Hubeng. Marahil, dahil kinakausap niya ako at dahil inaalagaan niya ang balong hindi naman nakapagsasalita kung kaya't higit ko siyang nagustuhan kaysa sinuman sa mga tao. Siya lang ang itinuring akong bahagi ng kanyang buhay, hindi lang inaalagaan dahil may kailangan. At binigyan niya ako ng pangalan: "Tabay."

"Huwag kayong lumapit kay Tabay," saway niya sa mga batang pasaway.

"Pagpahingahin nyo si Tabay," sigaw niya sa mga tao.

"Linisin nyo si Tabay," saka tinapon ang mga balde kasama ng mga basurang nakaumpok sa tabi ko.

Tabay. Isang salita sa Sugbuanong Binisaya, ibig sabihin, balon. Kinakausap ko rin si Nang Hubeng, hindi man niya ako naririnig, pakiramdam ko'y naiintindihan niya ako. Hindi siya sapat para sa mga tao, kulang ayon sa kanilang pamantayan. Ngunit ano man ang estado ng pag-iisip niya, sapat na sapat siya sa akin, mahalaga siya sa akin. Kung kaya, hinihintay ko ang bawat pagdating niya araw-araw. Inaabangan ko ang mga awitin niya, tungkol sa kanyang diyos at gobyerno. Ngunit, isang araw ay hindi siya dumating, na nasundan pa ng maraming araw. Nagkasakit raw. At nalaman ko na lamang sa mga bata na pumanaw na raw si Nang Hubeng. Iyon ang unang salubong ko sa salitang kamatayan. Ganoon pala ang pakiramdam. Si Nang Hubeng, ang sinto-sinto, ang tanging nagbigay sa akin ng pangalan ay pumanaw na.

May mga araw na nasisira ang poso. Kaya't hindi rin maganda ang pakikitungo ng mga tao sa akin. Sinisipa nila ang poso, kaya't mas lalong nahirapan silang umigib ng tubig. Minsan, dumating ang panahon ng *El Nino.* Natuyo ang palatubigan sa Malagos dahil raw pinuputol ang mga kahoy, parusa rin ng langit dahil tinitirador ang mga agila. Sumpa ito ng mga Bagobo Klata. Sumpa ng isang babaeng kung tawagin nila'y si Maria Cacao. Kung anu-anong kuwento't paratang ang naririnig ko mula sa mga umiigib. Pakiramdam nila, ipinagkakait ko ang nararapat na sa kanila.

---

13 Nang ang ibinibinyag na tawag sa mga nakatatandang babae sa Visayas at Mindanao at Sulu.

"Wala nang silbi ang balong ito."

"Buwisit ang balong ito."

"Lumipat na tayo sa ibang lugar."

Gayunpaman wala akong maramdamang inis o pagkayamot sa kanila. Sa halip, pakiramdam ko, ako ang nagkulang upang maibigay ang tubig na kanilang kinakailangan. Hindi ako sapat bilang balon. Ngayon ko lang din mas naunawaan, na walang balon ang sasapat sa pangangailangan ng mga tao. Tumagal pa ng maraming buwan ang El Nino. Kakarampot ang naibibigay kong tubig. At doon ko lang ulit naalala si Apo. Nakalimutan ko na siyang kausapin at kumustahin. Katulad ko, nagbago na rin si Apo at nagbago ang pakikitungo ng mga tao sa kanya. Hindi na sila ganoon kamangha sa kanya. Sa katunayan, naiinis sila sa dami ng dahong nalalaglag mula sa kanyang mga sanga. Kumukuha raw ng malaking bahagi ng lupa ang mga ugat ni Apo.

"Dapat patayin na itong Acacia. Wala naman itong silbi sa atin."

"Sinisira ng mga ugat nito ang sementong daan natin."

"Marami pang bilding ang maaring itayo diyan sa puwesto niya."

Natakot ako sa narinig, ngunit wala akong sinabi kay Apo. Hindi ko magawang sabihing unti-unti na siyang nawawalan ng saysay sa mga tao. Lumipas pa ang mga araw at dahil sa kagustuhan kong magkaroon ulit ng maraming tubig para sa mga tao, naglakas-loob akong humingi ng tulong kay Apo. Ibinulong ko sa hangin. Akala ko, hindi na niya ako kakausapin. Ngunit hindi maramot si Apo, kusa siyang nagbigay ng tubig mula sa kanyang ugat.

Gumulong ang mga taon. Dumami ang mga gusali at bahay na ipinapatayo sa Los Amigos. Dumarami ang mga Dayo at lalong dumarami ang estudyante. May kung ano-anong pabahay ang pinapagawa. Tama si *bau* noon, kung saan may tubig, may tao. Ngunit hindi ako sigurado ngayon kung naging masuwerte ako dahil sa dami ng taong nangangailangan sa akin. Kung kaya, isang araw ay nagkatotoo ang mga pangitain ko kay Apo. Isang dahon ni Apo ang nalaglag at bumisita sa akin. Niyakap ako ng dahon at sinabing tuluyan nang magpapaalam ang puno. Ang bagay na inilihim ko kay Apo, alam na pala niya ito, matagal na niya itong nakikita.

Isang napakaingay na makina ang aking narinig. *Chainsaw*. Parang halimaw ang kanyang boses. Nakakapangilabot. Inuna nilang putulin ang mga sanga ni Apo. Isa-isa, hanggang sa lumiwanag ang kalawakang dati'y saklaw ng kanyang sanga. Tinalian nila ng lubid ang kanyang katawan at hinatak papunta sa isang bakanteng direksyon. Naririnig ko ang tawanan ng mga pumuputol sa kanya. Ang sasaya nila. Si Apo na lunduyan ng mga kwento tungkol sa simula ng lugar, ay itinuturing nila ngayong walang silbi. Si Apo na higit sa napakaraming dekada ay naging tahanan ng mga Bagobo Klata, Dayo, Moro, sundalo, rebelde, at ng mga hindi nakikitang nilalang, ay pinapatay nila. At sa pagbagsak ng kanyang matandang katawan, lahat sila'y nagpalakpakan. Lahat sila'y naghiyawan na para bang nakapatay sila ng isang salot sa barangay. Iyon ang pangalawa kong salubong sa salitang kamatayan. Nakaramdam ako ng galit. Hindi ko naramdamang ako ang kulang, o si Apo ang may kasalanan. Galit ako dahil hindi nila pinahalagahan ang punong naging tahanan ng kalahi nila noon, bago pa man sila dumating ngayon. Sa huling pagkakataon, nagpadala ulit si Apo ng kanyang dahon sa aking tabi. Ibinulong sa akin ang huling habilin ni Apo.

“Lahat tayo’y may tungkuling ginagampanan sa mundong ito. Sa muling pagkikita. ”

Pinatay nila si Apo. At sa pagdaan ng mga araw, hindi lang si Apo ang naisipan nilang alisin. Naisipan rin nilang palitan ng ang dating tinitingalang granstand. Luma na ang granstand, kailangang may bagong bilding na ipapalit dito. Proyekto ito ng bagong kapitan. Naglaan siya ng pondo para sa isang bagong silid paaralan, kapalit ng lumang granstand. Ahhh, unti-unti na silang nawawala. Unti-unti nang pinapalitan ang mga bagay na sa tingin nila ay wala nang silbi sa kanila. Ganoon ang pakiramdam ko sa sarili – luma at wala nang silbi. Lumipas ang mga buwan, kakaunti na lang ang tubig na maibigay ng patay na ugat ni Apo. Natuklasan kong ang malaking bahagi ng tubig na galing sa akin ay nagmula sa malalaking ugat ni Apo. Kinanlong iyon ng mga ugat ng malaking acacia. Ngunit wala na si Apo, unti-unting natutuyo ang tubig sa lupa. At sa paglaho ng tubig, wala na rin silang makukuha sa akin. Ang balon na dating pinipilahan ay unti-unti nang nawawalan ng silbi sa mga tao. Kinakailangan ng taga-Los Amigos ang panibagong pagkukunan ng tubig. Lalo na ngayong may mga pabahay na itatayo sa lugar.

Nagbibihis muli ng bagong mukha ang Los Amigos. Hindi sapat ang isang balon para sa pangangailangan ng tao. Ayaw nilang umigib at maglakad para kumuha ng tubig dahil mayroon namang diretso sa bahay nila. Nakahanap ang gobyerno ng bagong pagkukunan ng tubig. Mas madali, mas mabilis kahit pa may katumbas na bayad. Nakaimbento ang gobyerno ng mas mainam na pamamaraan para pamamahalaan ang tubig. Handa naman ang mga tao na pagbayaran ang presyo ng bawat tubig na didiretso sa bahay nila. At tinawag nila itong NAWASA.[14] Dahil wala nang tubig, wala nang umiigib, wala nang kuwentuhan sa balon, wala na akong naririnig na usapan tungkol sa gobyerno, relihiyon, o kasal. Kung dati ay karaniwan lamang ang pagbabahagian ng mga magkapitbahay ng mga kuwento at kagamitan. Ngayon ay bibihira nalang.

Ako? Binili ang lupang kinatatayuan ko ng isang nagngangalang Noning Licayan. Hindi ko alam kung sa magkanong halaga. Nilagyan ni Noning ng bakod ang paligid ko, kung kaya’t sino mang gustong lumapit sa akin ay kailangang magpaalam sa kanya. Ako na dating bukas sa lahat ng tao ay pribadong pag-aari na ngayon ni Noning. Naisip ko tuloy, ganito kaya ang nangyari sa pagmamay-ari ng lupa na naging dahilan ng pag-aaway ng iba’t ibang grupo at pangkat? May kaunting tubig pang natitira sa balon, ngunit hindi naman ito kinakailangan ni Noning kagaya ng pangangailangan ng mga tao noon sa akin. Mas kailangan ni Noning ang lupang kinatatayuan ko para pagtayuan ng kanyang tindahan. Maraming bumibili sa kanyang paninda kung dito niya itatayo ang kanyang tindahan.

Unti-unti ring dumami ang itinatayong bahay at nagpatuloy ang pagputol ng mga puno sa paligid ko.

Nagbago, nagbihis, at nagbihis muli ang Los Amigos simula noong magkamalay ako. Hindi ko alam kung may nakakaalala pa sa kasaysayan ng lugar na ito. Wala na sila Ismael at Cenen, ang Bagobo Klata, Moro, at si Apo. Bahagi na lamang sila ng aking alaala. Katulad ng tubig, naglalaho na sila sa kamalayan ng Los Amigos. Katulad ko, mawawala na rin ito sa alaala ng mga tao. Akala ko noon, walang katapusan ang tubig na kaya kong ibigay, akala ko noon, magiging walang katapusan ang mga kuwento ni Apo. Mali ako, mas malawak at hindi nauubos ang pangangailan ng tao. Hindi ko lubos maarok, mas malalim pa sa balon. Gagawa at gagawa ang tao ng paraan upang matugunan ang pangangailangan nila. Tirahan, lupa, gobyerno, relihiyon, kasal, tubig. Paulit-ulit lang ito, iikot at iikot hanggang sa makakaimbento na naman sila ng mga bagong pangangailangan. Ngunit kami ni Apo, nauubos ang kaya naming ibigay. May hanggahan ang aming buhay.

14 Ang NAWASA ay National Waterworks and Sewerage System Authority ngunit ginagamit ang terminolohiya upang tukuyin ang tubig na binabayaran ng mga tao mula sa pribadong kumpanya.

Naririnig ko sa mga dumadaan tuwing nakikita ako.
"May maruming kanal pala rito."

"Mainam kung tambakan na lang ito ng lupa."

"Magandang puwesto para sa mga alagang baboy."

"Ang pangit-pangit naman ng balong ito, Noning."

Ako si Tabay. Walang petsa ang aking kapanganakan, at malapit na ang araw ng aking kamatayan.  Makikinig ka kaya sa kuwento ko? O baka magkatulad lang tayo, nagbibitiw ng mga tanong na hindi na umaasa pa ng kasagutan.

---

Si **ERROL MERQUITA** ay isang manunulat mula sa Tugbok, Davao City. Nakatanggap na siya ng mga fellowship mula sa rehiyunal at pambansang palihan para sa malikhaing pagsulat. Nagwagi na rin siya sa Don Carlos Palanca Memorial Awards para sa maikling kuwentong Sebuwano at tulang pambata noong 2011, 2015, at 2017.